DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE
RELEASED
DepED
28 JAN 2016
DATE:
NAME / SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 048, s. 2016

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya at Sekundarya

Mula kay : NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa : **Pagsumite ng Write Up/Sariling Gawa na Tula, Kuwento, Kaaya-ayang Karanasan sa Pagtuturo at Tuklas na Mabisang Paraan ng Pagtuturo**

Petsa : Enero 28, 2016

---

1. Ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsimulang bubuo ng isang Pansangay na Publikasyon/Professional Magazine na **"LIKHA"** nitong taong kasalukuyan.

2. Layunin ng publikasyon na ito ang sumusunod:
   a) mailathala ang mga karapat-dapat na kilalaning naiambag ng guro sa edukasyon,
   b) mabigyan ng pagkakataon ang guro na magbahagi ng kakayahan/talento sa pagsulat,
   c) masasalamin ang mga masasayang karanasan ng guro sa pagtuturo,
   d) matunghayan ang mga mabisang paraan ng pagtuturo at
   e) magkaroon ng opportunidad ang guro na magkamit ng puntos para sa promosyon.

3. Ang **"LIKHA"** ay maging opisyal na publikasyon ng Sangay ng Zamboanga del Norte na maglathala ng mga sariling gawa na mga kuwento, tula, kawili-wiling karanasan ng mga guro sa pagtuturo, lathalain at mga mabibisang paraan ng pagtuturo na sariling tuklas ng guro. Ito ay isang proyekto na isusulong at isasagawa ng Zamboanga del Norte – Samahan ng mga Guro sa Filipino (ZN-SAGUFIL) simula sa Taung-Panuruan 2016-2017.

4. Bukas ang Sangay para sa pagtanggap ng mga naturang write-up simula sa araw ng na ito. Ang pamunuan ng publikasyon ay may karapatang paunlarin ang likha ng guro subalit manatili ang orihinal na idea, kahulugan at bisa ng pagkalikha nito mula sa tagasulat/awtor. Isumite ang hard copy at soft copy nito sa Tagamasid Pansangay sa Filipino.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapabatid sa Memorandum na ito.